# *Mula sa Sermon ni Jesus sa Bundok Yugto 52*
# *Ang Sulat ni Jesus sa simbahan ng Tiatira Yugto 4*

***"18 At sa anghel ng iglesia sa Tiatira ay isulat mo: Ang mga bagay na ito ay sinasabi ng Anak ng Dios, na may mga matang gaya ng ningas ng apoy, at ang kaniyang mga paa ay gaya ng tansong binuli :19 Nalalaman ko ang iyong mga gawa, at ang iyong pagibig, at pananampalataya at ministerio at pagtitiis, at ang iyong mga huling gawa ay higit kay sa mga una.20 Datapuwa't mayroon akong laban sa iyo, na pinahintulutan mo ang babaing si Jezebel, na nagpapanggap na propetisa; at siya'y nagtuturo at humihikayat sa aking mga lingkod upang makiapid, at kumain ng mga bagay na inihahain sa mga diosdiosan.21 At binigyan ko siya ng panahon upang makapagsisi; at siya'y ayaw magsisi sa kaniyang pakikiapid.22 Narito, akin siyang iniraratay sa higaan, at ang mga nakikiapid sa kaniya sa malaking kapighatian, maliban na kung sila'y magsisipagsisi sa kaniyang mga gawa.23 At papatayin ko ng salot ang kaniyang mga anak; at malalaman ng lahat ng mga iglesia na ako'y yaong sumasaliksik ng mga pagiisip at ng mga puso: at bibigyan ko ang bawa't isa sa inyo ng ayon sa inyong mga gawa.24 Datapuwa't sinasabi ko sa inyo, sa mga iba na nasa Tiatira, sa lahat ng walang aral na ito, na hindi nakakaalam ng malalalim na bagay ni Satanas, gaya ng sinasabi nila; hindi na ako magpapasan sa inyo ng ibang pasan.25 Gayon ma'y ang nasa inyo'y panghawakan ninyong matibay hanggang sa ako'y pumariyan.26 At ang magtagumpay, at tumupad ng aking mga gawa hanggang sa katapusan, ay bibigyan ko ng kapamahalaan sa mga bansa:27 At sila'y paghaharian niya sa pamamagitan ng isang panghampas na bakal, gaya ng pagkadurog ng mga sisidlang lupa ng magpapalyok; gaya naman ng tinanggap ko sa aking Ama :28 At sa kaniya'y ibibigay ko ang tala sa umaga.29 Ang may pakinig, ay makinig sa sinasabi ng Espiritu sa mga iglesia." (Pahayag 2:18-29)***

***"24 Datapuwa't sinasabi ko sa inyo, sa mga iba na nasa Tiatira, sa lahat ng walang aral na ito, na hindi nakakaalam ng malalalim na bagay ni Satanas, gaya ng sinasabi nila; hindi na ako magpapasan sa inyo ng ibang pasan." (Pahayag 2:24)*** Narito ang Panginoon ay nagsasalita sa mga tapat sa simbahan ng Tiatira, na nasa maliit na bilang sa kumpara sa lahat ng mga kasapi ng simbahan, ngunit sila'y kilala sa kanilang mga gawa, paglilingkod, pananampalataya, kabanalan, pagtalima, at kahinahunan gaya ng ating tinalakay dati, ***"19 Nalalaman ko ang iyong mga gawa, at ang iyong pagibig, at pananampalataya at ministerio at pagtitiis, at ang iyong mga huling gawa ay higit kay sa mga una." (Pahayag 2:19)*** Dito isinalarawan sila ng Panginoon na sila'y malinis mula sa aran na iyon, ***"sa mga iba na nasa Tiatira, sa lahat ng walang aral na ito,"***: Ang ibig sabihin ng aral ay ang paraan upang mabuhay. Sa mga nabubuhay sa kabanalan at hindi nagsasagawa o nagkokodena ng immoralidad, sila'y hindi tumatanggap ng mga pagkain na inihandog sa dios diosan, sila'y hindi gumagamit at gumagawa ng mga politika, o nilalaro ang simbahan, o gumagawa ng pagpatay sa pananakit sa iba at kinukuha ang kanilang mga ministerio. Sila'y napunta sa kailaliman ni Satanás at ang mga tusong pakana nito upang dalhin ang pagkawasak sa katawan ni Cristo sa pagpapahintulot sa mga immoralidad at pakikiapid sa ganoong anyo, tulad ng kasintahang lalaki at kasintahang babae, pagsasama ng hindi kasal, paghihiwalay, at muling pag-aasawa, o solong ina o solong ama na hinahayaan silang magpakasal sa iba kaysa sa ama o ina ng kanyang anak o mga anak. Ang Panginoon nang sinabi niya, ***"sa lahat ng walang aral na ito, na hindi nakakaalam ng malalalim na bagay ni Satanas, gaya ng sinasabi nila"***, ano ang ibig sabihin sa ***"gaya ng sinsabi nila"***, ay gayon sa mga kagaya ni Jezabel kapag sila'y nagsalita, ang kanilang pagsasalita aariin nilang ganap at pahihintulutan ang lahat ng mga immoralidad na ito at ipapakilala sa kanila gaya ng isang bagay na banal at katangap tanggap sa paningin ng Diyos, ngunit ang Banal na Kasulatan ay hinatulan ang lahat ng ganoon. Ang mga taong kagaya ni Jesebel, sila magpapahayag ng mga salaysay at paliwanag upang bigyang katuwiran ang Araw ng mga Puso, Halloween, paghihiwalay, at muling pag-aasawa, atbp. Sila'y mayroong sariling paaraan ng mga salaysay para sa pagbibigay katuwiran.

***hindi na ako magpapasan sa inyo ng ibang pasan:*** Kaya dito kinilala ng Panginoon ang pinapasan ng mga tapat na mga manggagawa na nasa simbahan ng Tiatira, at pinapayuhan sila na magpatuloy doon at manindigan laban sa lahat ng mga gawa ng diablo at sa ginagamit niya mula sa mga tao upang ipatupad ang kanyang maling gawain at kasamaan. Ito ay pasanin na mapasa simbahan kung san ang mga tao ay gumagawa ng kasamaan at politika para kunin ang ministerio, gayon din ikaw ay pahihirapan sa kanilang inmoral na gawi, make up, walang disenteng pananamit, sa kanilang mga salu-salo ng makamundong mga bagay, at pagsasayang ng mga pinagkukunan at katiwalian sa mga tanggapan. Narito sinasabi ng Panginoon sa mga tapat na mga tao asa Tiatira, na iyon ay sapat na para sa iyo upang batahin ang ganoon, at iyon ang iyong mabuting gawa, paglilingkod at ministerio para sa Panginoon, kpag ikaw ay naroon pa rin naninindigan nilalabanan ang diablo at ang mga gawa nito. Kinakailangan nila lagi hatulan at salungatin sa ganoong masasamang gawi na nagaganap sa simabahang iyon.

Gusto ng Diyos sa atin na maging matatag gaya ni Naboth na tumangging ibigay ang ubasan kay Ahab. Kailangang din natin na huwag isuko at ibigay ang ating minsterio at mga tanggapan, anuman ang halaga, sa iba na sakim at nagmamanipula at gumagawa ng masama na ginagamit ang tanggapan ng opisina para sa pamumuhay at para sa maluhong makamundong buhay.

Sa karagdagan sa mga dios diosan ng kasakiman, katakawan at immoralidad. Nais ng Diyos sa atin na maging matatag laban sa lahat ng mga dios diosan na ang mga Kristiyano at ng simbahan sa ngayon ay sumasamba at gaya ng mga sumusunod: * Ang dios diosan ng edukasyon na pumunta at mag-aral sa kung anong gusto nila. * Ang dios diosan ng pag-aasawa sa kaninong gusto nila * Ang dios diosan ng pamumuhay sa alimang estilo ng gusto nila.

Nais ng Diyos na maging katulad tayo ni Elias na nanindigan at hinarap si Ahab, at ang 450 na mga propeta ni Baal at ang 400 na mga propeta ng mga puno.

Hindi gusto ng Diyos sa atin na tumakas gaya ni Elias kapag tayo'y pinagbantaan at nilusob ng mga masama at ng gumagawa ng masama gaya ni Jezabel. Si Elias ay tumakas mula kay Jezabel at hiniling na siya ay mamatay ngunit ang Diyos sa Kanyang katapatan ay dumating sa Kanya at pinabalik siya sa ministerio at binigyan siya ng takdang gawain ng kung ano ang kinakailangan Niya sa kanya na gawin. Ating basahin ang ***1 Hari 19*** at kung paanong nakipagusap ang Diyos kay Elias upang malaman natin ng paparating nating mga gawain.

Ang mensaheng ito ay para sa mga tapat sa Panginoon at handang manindigan laban sa lahat ng mga pamamaraan ng diablo na ginagamit ang gumagawa ng masama gaya ni Jezabel at ng kanyang mga tagasunod. ***"1 At sinaysay ni Achab kay Jezabel ang lahat na ginawa ni Elias, at kung paanong kaniyang pinatay ng tabak ang lahat ng mga propeta.2 Nang magkagayo'y nagsugo si Jezabel ng sugo kay Elias, na nagsasabi, Ganito ang gawin sa akin ng mga dios, at lalo na, kung hindi ko gawin ang buhay mo na gaya ng buhay ng isa sa kanila kinabukasan sa may ganitong panahon." (1 Hari 19:1-2)*** Narito si Ahab ay nagbigay ng kabatiran sa kanyang asawang si Jezabel sa ginawa ni Elias at siya ay pumaroon upang lusubin si Elias para patayin siya. Nagpadala siya ng tagapagsalita para pagbantaan siya. Kapag ginagawa natin ang gawain ng Diyos nang tapat, ang kaaway ay lulusubin tayo at susubukang ang pinakamahusay nito na saktan tayo upang maghiganti para pigilan tayo sa pagsulong. Pagbabantaan niya tayo sa mga tagapaghatid para tayo ay lumayo mula sa ministerio. Ang pagkilos ni Jezabel ay paghadlang sa kung ano kakamitin ni Elias sa Panginoon, sa paggawa sa mga tao na magpagtanto na ang Panginoon ay Diyos at pagpapatupad sa 450 na mga propeta ni Baal. "3 ***At nang makita niya ay bumangon siya, at yumaon dahil sa kaniyang buhay, at naparoon sa Beerseba, na nauukol sa Juda, at iniwan ang kaniyang lingkod doon." (1 Hari 19:3)*** Si Elias sa pagtugon sa ginawa ni Jezabel ay tumakas, sapagkat siya ay natakot, mula sa lugar na nais ng Diyos na siya ay manatili. * Hindi dapat tayong tumakas mula sa lugar na itinalaga sa atin ng Diyos na manatili at paglingkuran Siya. Kailangan nating maintindihan na sa bawat pagkakataon mayroon tayong katagumpayan ang kaaway ay gagawin ang pinakamahusay nito upang atakihin tayo. Dapat tayong magkaroon ng kalakasan sa Panginoon. Susubukan ng diablo na sabihin sa iyo ang lahat ng kasinungalingan upang para sa iyo ay matakot at tumakas. "4 N***guni't siya'y lumakad ng paglalakbay na isang araw sa ilang at naparoon, at umupo sa ilalim ng isang punong kahoy na enebro: at siya'y humiling sa ganang kaniya na siya'y mamatay sana, at nagsabi, Sukat na; ngayon, Oh Panginoon kunin mo ang aking buhay; sapagka't hindi ako mabuti kay sa aking mga magulang." (1 Hari 19:4)*** Narito si Elias ay tumakas mula sa pangyayari at mula sa lugar na itinalaga ng Diyos as kanya, at hiniling na siya ay mamatay. Hindi lamang na hiniling na mamatay kundi siya ay nanalangin sa Diyos at hiniling sa Kanya na kunin ang kanyang buhay. Susubukan ng diablo na ilagay ka sa kawalan ng pag-asa at kalungkutan at gagawin sa iyo na kamuhian ang buhay upang pigilan ka mula sa paglilingkod sa Panginoon at mula sa paggawa ng Kanyang kalooban. * Mga pagsubok, pagsalungat ng diablo, Ang pagsasabwatan ng gumagawa ng masama ay makakapagtakot sa atin, ngunit kailangan natin humawak sa Panginoon at sa Kanyang Salita. Kaya naman kailangan nating patuloy na magbasa ng Bibliya at magnilay sa Kanyang salita. * Kailangan nating manalangin at maging masigasig sa Kanyang tinig upang magkaroon tayo ng kalakasan na aalalay sa panahon ng paglusob ng diablo. ***"5 At siya'y nahiga at natulog sa ilalim ng punong kahoy na enebro; at, narito, kinalabit siya ng isang anghel, at sinabi sa kaniya, Ikaw ay gumising at kumain.6 At siya'y tumingin, at, narito, na sa kaniyang ulunan ang isang munting tinapay na luto sa baga, at isang sarong tubig. At siya'y kumain at uminom, at nahiga uli.7 At ang anghel ng Panginoon ay nagbalik na ikalawa, at kinalabit siya, at sinabi, Ikaw ay bumangon at kumain; sapagka't ang paglalakbay ay totoong malayo sa ganang iyo." (1 Hari 19:5-7) **** Kailangan nating alagaan ang ating pisikal na katawan, Tayo ay may mga paglalakbay, tayo ay may mga miniterio, tayo ay nasa ilalim ng pag-aalala at ang kaaway inaatake tayo, sa gayon kailangan nating kumain, uminom, at magpahinga upang makaya nating harapin ang gawain at ang banta para makaya nating tupdin ang ating mga gawain ng maayos sa Diyos. Ang Panginoon ay may malasakit tungkol sa ating pisikal na pangangatawan at kailangan Niya sa atin na kumain at uminom upang harapin natin ang pag-aalala. Kaya dito ang Panginoon ay inihanda ang pagkain at inumin at ipinadala ito kay Elias upang siya ay makakain, at ipinadala Niya ang Kanyang anghel sa kanya upang hipuin siya at paalalahanan siya at itulak siya na kumain at uminom. Ginising Niya siya para kumain. Palagi tayong paalalahanan ng Diyos na kumain at alagaan ang ating katawan upang makaya nating harapin ang pag-aalala sa ministerio at sa pagharap sa mga masasama sa katawan ni Crsito na nagsasagawa ng masama para sa diablo na gawin ang mga plano nito. "8 At ***siya'y bumangon, at kumain, at uminom, at siya'y yumaon sa lakas ng pagkaing yaon, na apat na pung araw at apat na pung gabi hanggang sa Horeb sa bundok ng Dios." (1 Hari 19:8)*** Kaya dito ang Panginoon ay naghanda ng pagkain na makakatulong kay Elias para sa kanyang paglalakbay. Siya ay naglakbay ng apat na

pung araw sa kalakasan nang pagkain na natanggap niya mula sa Diyos. Siya ay nasa pagaayuno. Mayroong mga panahon na ang Panginoon, ang Banal na Espiritu, ay pangungunahan tayo na magayuno at kailangan nating magkaroon ng malakas na pangangatawan para doon; kaya naman sa ilang panahon kailangan nating kumain ng maayos upang tayo'y maging handa na mag-ayuno kapag tayo ay tinawag para doon, "9 At ***siya'y naparoon sa isang yungib, at tumuloy roon: at, narito, ang salita ng Panginoon ay dumating sa kaniya, at sinabi niya sa kaniya, Ano ang ginagawa mo rito Elias?" (1 Hari 19:9)*** Narito si Elias ay pumunta sa tahimik na dako na makakatagpo niya ang Diyos at madidinig niya ng tinig ng Diyos. * Sa panahon ng mga kaguluhan at kapag tayo ay nasa mga pagbabanta, kailangan tayong maglaan ng panahon na mapag-isa sa Diyos upang Siya ay magsalita sa atin at ituwid Niya tayo sa kailangan nating gawin. Kaya naman kailangan natin magbasa ng Bibliya at magkaroon ng kalidad na panahon sa Diyos upang marinig natin ang tinig ng Diyos. Kailangan natin ngayon bilang simbahan ang tinig ng Banal na Espiritu upang idirekta tayo sa kailangan nating gawin. Narito ang Panginoon ay pumunta kay Elias at tinanong siya, "***Ano ang ginagawa mo rito Elias?"*** ***** Kailangan nating umupo sa Diyos at buksan sa kanya kung anong nangyayari sa ating buhay. Tatanungin Niya tayo, at pahihintulan Niya tayong magsalita at sabihin kung anong nangyayari sa ating buhay. Kapag ating ibinuhos kung anong nasa loob natin sa harapan ng Diyos, tayo ay magiginhawan at mabibigyan tayo ng payo at mag kasagutan at direksyon mula sa Diyos. Tinanong siya ng Diyos kung anong ginagawa niya roon, at ang sumusunod ang ay sagot ni Elias: "10 ***At sinabi niya, Ako'y naging totoong marubdob dahil sa Panginoon, sa Dios ng mga hukbo; sapagka't pinabayaan ng mga anak ni Israel ang iyong tipan, ibinagsak ang iyong mga dambana, at pinatay ng tabak ang iyong mga propeta: at ako, ako lamang, ang naiwan; at kanilang pinaguusig ang aking buhay, upang kitlin." (1 Hari 19:10)*** Sinabi ni Elias sa Diyos kung anong nangyayari sa kanyang buhay sa kanyang mga pagkabigo, at sa nakita niya ng mga bagay na nakapalibot sa kanya. Kailangan nating umupo sa Diyos at sabihin sa Kanya ang ating nakikita, upang maituwid Niya tayo at sabihin sa atin kun ano talaga ang nangyayari. Sinabi ni Elias sa Diyos ang tungkol sa kasigasigan patungo sa kanyang gawain at sa kanyang pagpupursige para sa bayan ng Diyos. * Kailang talaga natin na magkaroon ng kasigasigan para sa gawin ng Diyos at para sa Kanyang bayan at sa Kanyang simbahan. Sinabi ni Elias sa Diyos kung gaano siya naiinis na ang bayan ng Diyos ay nilimot ang kanilang tipan sa Diyos, sila'y sumamba sa mga dios diosan, at binali nila ang Salita ng Diyos at ng Kanyang kautusan at kung paano nila sinaktan ang totoong mga propeta na nagsasalaysay sa kanila ng katotohanan at sinubukang patayin sila at tapusin ang kanilang ministerio. Ito'y talagang masakit, pagdurusa at pahirap na makita ang bayan ng Diyos ay winawasak ang kanilang tipan sa Diyos at sinasamba ang mga dios diosan, mga kapistahan ng sanglibutan na kanilang inilagay sa simbahan at ipinahintulot ang lahat ng uri ng immoralidad. Ipinahayag ni Elias sa Diyos ang kanyang kalungkutan at yaon ay wala ni isa sa tabi niya na nanindigan kasama niya sa parehong katayuan para sa Panginoon. Si Elias ay tapat sa pagpapahayag sa Diyos sa lahat ng mga bagay na ito. Ngunit siya ay nabalutan ng kanyang takot at mga banta na dumating laban sa kanya. Ngunit hindi sumagot si Elias sa tanong ng Diyos sa kanya, "***Ano ang ginagawa mo rito Elias?"*** Na ibig sabihin, "*Ano ang ginagawa mo rito?"* Hindi nagtapat si Elias sa Diyos na siya ay tumakas at iniwan ang dako na sinabi sa kanya ng Diyos na manatili, kundi nagtapat siya sa Diyos na pinaghahanap nila siya para patayin. Hindi rin nagawang makita ni Elias ang iba na naninindigan sa parehong katayuan niya at iyon ay nakadagdag sa kanya na higit na pighati at higit na dalamhati. * Dapat tayong makatiyak sa pamamagitan ng pananampalataya na mayroon pa ring nalalabi; may iba pang naninindigan katulad natin. Pinagtibay iyon ni Apostol Pablo as atin nang sinabi niya, ***"1 Sinasabi ko nga, Itinakuwil baga ng Dios ang kaniyang bayan? Huwag nawang mangyari. Sapagka't ako man ay Israelita, sa binhi ni Abraham, sa angkan ni Benjamin. 2Hindi itinakuwil ng Dios ang kaniyang bayan na nang una pa'y kinilala niya. O hindi baga ninyo nalalaman ang sinasabi ng kasulatan tungkol kay Elias? kung paanong namamagitan siya sa Dios laban sa Israel na sinabi: 3Panginoon, pinatay nila ang iyong mga propeta, giniba nila ang iyong mga dambana; at ako'y naiwang nagiisa, at hinahanap nila ang aking buhay. 4Datapuwa't ano ang sinasabi ng kasagutan ng Dios sa kaniya? Nagtira ako sa akin ng pitong libong lalake na hindi nangagsiluhod kay Baal. 5Gayon din nga sa panahong itong kasalukuyan ay may isang nalalabi ayon sa pagkahirang ng biyaya." (Roma 11:1-5)*** Ang kalungkutan at pagbubukod ay ang isa sa mga paraan ng diablo na sinubukan na wasakin tayo, kaya kailangan nating maging alisto sa lahat ng iyon. Sinagot ng Diyos si Elias sa mga sumusunod: ***"11 At kaniyang sinabi, Ikaw ay yumaon, at tumayo ka sa ibabaw ng bundok sa harap ng Panginoon. At, narito, ang Panginoon ay nagdaan, at bumuka ang mga bundok sa pamamagitan ng isang malaki at malakas na hangin, at pinagputolputol ang mga bato sa harap ng Panginoon; nguni't ang Panginoon ay wala sa hangin: at pagkatapos ng hangin ay isang lindol; nguni't ang Panginoon ay wala sa lindol:12 At pagkatapos ng lindol ay apoy; nguni't ang Panginoon ay wala sa apoy: at pagkatapos ng apoy ay isang marahang bulong na tinig." (1 Hari 19:11-12)*** Narito inutusan ng Diyos si Elias na tumayo sa ibabaw ng bundok at hintayin ang Diyos na dumaan. * Sa parehong paraan kailangan nating maghintay sa Panginoon at manatili sa kung saan tayo naroroon at patuloy na gawin ang gawain na hiningi Niya sa atin para gawin. Tiyak na ang Panginoon ay dumaan kay Elias, at ipinakita sa malakas na hangin at pinagputol putol ang mga bato sa bundok, ngunit ang Panginoon ay wala doon. Sinundan ng lindol, ngunit ang Panginoon ay wala doon. Sinundan ng apoy, ngunit ang Panginoon ay wala doon. Pagkatapos ng apoy ay dumating ang isang marahang bulong ng tinig ng Diyos. * Kapag tayo ay nasa harapan ng Diyos makikita natin ang malaking pangyayari na gagawin ng Diyos sa paligid natin at sa sanglibutan halimbawa ang natural na mga kalamidad, gaya ng pagbaha, bagyo, lindol, pagsabog ng mga bulkan, digmaan, o pagpapadala ng mga salot gaya ng COVID -19, itong lahat at ang ibang mga bagay na ating mapagmamasdan, ngunit ang ating malasakit

ay upang amrinig ang tinig ng Diyos, ang tinig ng Banala n Espiritu upang maunawaan natin kung ano ang gusto Niyang sabihin sa atin at kung ano ang gusto Niyang gawin natin para sa Kanya. Para bang sinasabi niya kay Elias na hayaan na si Jezabel na magsalita at bantaan at lumikha ng mga hangin at hayaang si Ahab ay gumawa ng apoy na gusto niya, ngunit na ikaw na aking lingkod ay maghintay na marinig ang aking tinig at aking iuutos bago ka kumilos, pasakitan ang iyong sarili at gumawa ng anumang bagay. ***"13 At nangyari, nang marinig ni Elias, ay tinakpan niya ang kaniyang mukha ng kaniyang balabal, at lumabas, at tumayo sa pasukan sa yungib. At, narito, dumating ang isang tinig sa kaniya, at nagsabi, Ano ang ginagawa mo rito Elias?" (1 Hari 19:13)*** * Kailangan nating kumilos kapag narinig na natin ang tinig ng Diyos. Narito nagawang marinig ni Elias ang tinig ng Diyos na nagtanong sa kanya ng parehong tanong, ng kung anong ginagawa niya doon, na parang sinasabi Niya na hindi ka dapat naririto, ito ay hindi iyong lugar, hindi kita itinalaga rito, bakit ka umalis sa lugar na inilagay ko sa iyo? ***"14 At kaniyang sinabi, Ako'y naging totoong marubdob dahil sa Panginoon, sa Dios ng mga hukbo: sapagka't pinabayaan ng mga anak ni Israel ang iyong tipan, ibinagsak ang iyong mga dambana, at pinatay ng tabak ang iyong mga propeta; at ako, ako lamang, ang naiwan; at kanilang pinaguusig ang buhay ko, upang kitlin." (1 Hari 19:14)*** Sumagot si Elias sa parehong sagot ng walang kaunawaan sa kung anong itinatanong sa kanya. Siya ay nagapi at hindi nagawang makita ang iba na nagdurusa sa parehong dahilan. Mayroong marami sa katawan ni Cristo na nakakubli sa ating paningin ngunit sila'y naghihirap nang mas higit sa atin alang alang kay Cristo. ***"15 At sinabi ng Panginoon sa kaniya, Ikaw ay yumaon, bumalik ka sa iyong lakad sa ilang ng Damasco: at pagdating mo, ay iyong pahiran ng langis si Hazael upang maging hari sa Siria." (1 Hari 19:14)*** Ang unang salita na sinabi ng Diyos pagkatapos ibuhos ang kanyang sarili sa harap ng Diyos ay pumaroon at bumalik, na bumalik para mag-ulat sa ministerio at sa paglilingkod sa Diyos sa lugar na siya ay itinalaga, sa Samaria. Gusto ng Panginoon sa kanya na maunawaan na Siya ang may buong kontrol at sa pangyayari ay aayusin ng Diyos hindi ng diablo o ng masasamang tao gaya ni Jezabel o ni Ahab. * Iyon ang kailangan natin maintindihan, na habang tayo'y gumagawa kasama ng Diyos, na Siya ang may buong kontrol, at dapat tayong tumalima sa Kanya at sumunod sa Kanya mga kautusan, sapagkat Siya pa rin ang nasa luklukan at Siya ay nasa buong kontrol ng mga sitwasyon, at mga pangyayari na kailangang patuloy na mangyari gaya ng Kanyang itinalaga. Sinabi Niya kay Elias na pahiran si Hazael bilang hari sa Syria. * Kailangan nating patuloy na gawin ang gawain ng Diyos sa kabila ng lahat ng masasamang pangyayari na nakapalibot sa atin. Sa karagdagan, ang tagubilin na kailangan nating gawin, dapat nating tanggapin mula sa tinig ng Banal na Espíritu at dapat nating gawin ng masigasig. ***"16 At si Jehu na anak ni Nimsi ay iyong papahiran ng langis upang maging hari sa Israel: at si Eliseo na anak ni Saphat sa Abel-mehula ay iyong papahiran ng langis upang maging propeta na kahalili mo." (1 Hari 19:16)*** Sinabi din sa kanya ng Diyos na kinakailangang pahiran si Jehu ang anak ni Nimsi na maging hari sa Israel, at iyon ay isa pang kakila-kilabot na hari na gagamitin upang patayin at wasakin si Ahab at ang kanyang pamilya at ang lahat ng sumasamba kay Baal sa Israel. Gayon din gaya ng hiniling ng Panginooon kay Elias na pahiran si Eliseo ang anak ni Saphat na maging propeta sa kanyang tanggapan. Kaya dito ang Panginoon ay sinasabi sa kanya, na kailangan niyang magpatuloy na gawin ang kanyang ministerio gaya ng dati at gawin ang mga takdang gawain na ipinapagawa Niya. Sa ganoong paraan sinabi ng Diyos kay Elias ang magaganap sa hinaharap. * Kailangan nating maunawaan ang pareho sa ngayon, na gusto ng Diyos sa atin na magpatuloy na pumaroon at gumawa ng mga alagad at turuan sila, bautismuhan sila at sanayin sila upang patuloy nilang gawin ang gawain ng Diyos pagkatapos natin. * Kailangang ipatong natin ang ating mga kamay sa kanila upang tanggapin ang Bautismo ng Banal na Espíritu at ang pagpapahid ng Diyos, at bilang ating narinig ang tinig ng Banal na Espíritu at gawin ang Kanyang gawain at gumawa ng mga alagad papahiran ng Panginoon ang ilan sa kanila para ayusin ang daratin na hinaharap na mga gawain. ***"17 At mangyayari na ang makatanan sa tabak ni Hazael ay papatayin ni Jehu: at ang makatanan sa tabak ni Jehu ay papatayin ni Eliseo." (1 Hari 19:17)*** Dito ipinaliwanag ng Panginoon kay Elias ang bawat isa sa kanyang papahiran ng langis kung ano ang gagawin. Bawat isa sa kanila ay may isang gawain para sa Diyos na kanilang kakamitin, at at bawat isa sa kanila ay buuin ang gawa ng iba na hindi natapos. * Kaya dito ang lahat ng mga pangyayari sa sanglibutan na nakapalibot sa atin ay gawa sa pamamagitan ng Panginoon, at kontrolado ng Diyos, at kailangan nating magkaroon ng kapayapaan at patuloy na magtiwala sa Kanya at kailangan nating ipahayag ang pagtitiwalang iyon habang tayo'y nagpapatuloy na maglingkod sa Kanya at sumunod sa Kanya. Si Eliseo ay itinalaga ng Diyos upanag ipagpatuloy ang ministerio na sinimula ng Diyos kay Elias. Sa ating pagkadismaya at kawalan ng pag-asa, ang Diyos ay darating at ipapaliwanag sa atin ang mga pangyayari sa karagadagan sa buhay. ***"18 Gayon ma'y iiwan ko'y pitong libo sa Israel, lahat na tuhod na hindi nagsiluhod kay Baal, at lahat ng bibig na hindi nagsihalik sa kaniya." (1 Hari 19:18)*** Sa karagdagan itinuwid ng Diyos si Elias at hinikayat siya na hindi lamang siya ang naiwan kundi may 7000 libo sa Israel na mayroong parehong paninindigan niya laban kay Baal at laban sa gawa ng diablo sa pamamagitan ni Jezabel at ni Ahab. Si Elias ay bumalik at tunay na pinahiran si Eliseo na kapalit na magpapahid kay Hazael Hari sa Syria, at si Eliseo ay ipinadala ang ibang propeta upang pahiran si Jehu upang maging hari sa Israel.

***Sa aking mahal at minamahal:*** Tayo ngayon ay lumapit sa Diyos sa pagsasagawa ng mga layunin ng ating natutunan mula sa Diyos, na huwag tumakas, kundi labanan ang diablo, at bumalik sa ating mga takdang gawain, at sa mga ministerio at pagtatalagang muli ng ating mga sarili sa Diyos upang tapusin ang mga gawain na gusto Niyang kamitin natin para sa Kanya.

Tayo ay lumapit sa Kanya sa pagsisisi pagtalikod sa ating mga kasalanan. Ating gawin ang ating pinakamahusay na mabuhay sa kabanalan, at patuloy na magpokus sa mga gawain na ipinagkatiwala sa atin at gawin ang mga gawain na nais Niya sa atin upang gawin. Magtiwala tayo sa Diyos na siya ang may buong kontrol at aayusin Niya ang mga bagay ayon sa Kanyang plano at kalooban. Patuloy nating ibigay ang mensahe sa sinumang ipinapadala sa atin ng Diyos. Patuloy tayong manindigan laban sa lahat ng mga hamong ito at patuloy na gawin ang iba't ibang mabubuting gawa at ng Kanyang mga pagseserbisyo sa kabanalan at sa kalinisan. Patuloy tayong pumaroon at gumawa ng mga alagad bautismuhan sila sa ngalan ng Ama, at ng Anak at ng Banal na Espíritu. Patuloy nating ipatong ang ating mga kamay at pahiran ang bagong bayan na gawin ang paglilingkod at ang ministerio ng Diyos gaya ng ipinapakita niya sa atin.

***Ang aking panalangin:*** *Amang Diyos Ako ay lumalapit sa harap mo sa pangalan ni Jesus na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan, na inilibing at nabuhay mula sa patay sa ikatlon araw upang bigyan ako ng walang hanggang buhay. Panginoon, salamat para sa iyong Salita na naghikayat sa akin na patuloy na maglingkod na talastas na ang ibang mga tao ay naninindigan ng pareho sa iyong simbahan at mayroong parehong paghihirap ng kung anong aking pinagdaraanan.*

*Ipahayag ang iyong mga kasalanan ngayon sa Diyos. Panginoon patawarin ako sa sumusunod na mga kasalanan ______________________, Magsisi sa pagtakas, magsisi sa pagkadismaya, at magsisi sa pagiging walang ganap na pagtitiwala sa Diyos na siya ang may buong kontrol sa sitwasyon.*

*Panginoon aking itinatalaga ang aking sarili na tumalima sa iyong Salitang ito na aking natanggap sa mensaheng ito. Panginoon isinusuko ko ang aking buhay at ng aking buong kalooban sa iyo. Panginoon itinatalaga ko ang aking sarili na manindigan laban sa kasamaan, kasakiman, maling mga aral, immoralidad, at sa lahat ng pamamaraan ng diablo. Panginoon ako'y nanalangin na bigyan ako ng katapangan at kalakasan upang patuloy na maglingkod sa iyo. Panginoon itinatalaga ko ang aking sarili na magebanghelyo abutin ang bagong bayan para kay Cristo at gumawa ng bagong mga alagad,*

*Panginoon, aking ipinapanalangin ang aking mga kapatid na Lalake at Babae na tinanggap ang iyong Salita at handang isabuhay ang kanilang buhay at maglingkod at magdusa para sa iyong Salita. Panginooon protektahan sila at ibigay ang lahat ng kanilang mga kailangan. Panginoon iligtas sila mula sa lahat ng paguusig at mga atake ng diablo.*

*Panginoon pagpalain kami at alalayan kami bilang simbahan. Panginoon tulungan kami, protektahan kami, at ibigay ang para sa amin upang pumaroon sa paglilingkod sa iyo at gawin ang iyong gawain at ang iyong kalooban. Panginoon, kami'y nanalangin na paging dapatin kaming magtanim ng bagong pag-aaral ng Bibliya at bagong mga kapisanan para simbahan at tuparin ang pananaw ng simbahan, 'Pagpaparami sa kapayapaan sa Pagpapatupad ng Buong Kalooban ng Diyos'. Panginoon pagpalain kami, palawakin ang aming lupain, sumaamin nawa ang iyong kamay, at iligtas kami sa kapahamakan sa gayo'y hindi naming madama ang sakit. Nawa ang biyaya ng Panginoong Jesus at ang pagibig ng Diyos at ang pakikipagpisan ng Banal na Espiritu sy sumaating lahat sa pangalan ni Jesus, Amen.*

Aral mula sa Sermon ni Jesus sa bundok Yugto 52. Ang Sulat ni Jesus sa simbahan ng Tiatira Yugto 4. Pahayag 2:18-29. 1 Hari 19:1-18. Roma 11:1-5.

Dr.Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#: 00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espiritual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at

kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com.

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE3803151576003753162014
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com